

CONVEYOR

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION

Tomo 5 Isyu 1 Enero - Marso 2025

Bankang pangisda, ipinamigay sa isla ng Sibay

Pahina 8



Para sa kalikasan:
“Love for the
Environment: Green
Initiatives”

Pahina 3

MOA para sa
DWSSII-TEP,
nilagdaan na

Pahina 4

SMPC, BDO Network
Bank nagsagawa ng
Financial Literacy
seminar

Pahina 9



Ruben P. Lozada

Vice President for Mining Operations and Resident Manager

Bumabati ako ng masaganang Bagong Taon sa lahat, sa ating mga kababayan sa Semirara, at sa lahat ng patuloy na sumusuporta sa mga proyekto ng SMPC!

Sa pagpasok ng taong 2025, kaakibat nito ang bagong oportunidad at pagkakataon para sa SMPC upang mas lalo pang palakasin ang ating mga programa para sa ating host communities at mga kalapit na komunidad. Kasabay nito, ang mga proyekto na nakatutok sa kapakanan ng ating mga empleyado na simbolo ng ating malasakit sa ating mga kasamahan at kababayan.

Maging masagana nawa ang pagpasok ng bagong taon na ito – masagana sa proyekto at aktibidad na magpapalakas pa ng relasyon natin sa komunidad, at kasaganaan para sa mga kababayan natin dito sa isla. Samahan ninyo kami sa aming mga adhikain at patuloy na palaguin ang damdamin ng pagkakaisa at kooperasyon.

Maraming salamat po!



Creslito D. Bangalao

Administrative Division Manager

Maligayang pagbati ng masaganang Bagong Taon sa lahat ng mga Semiraranhon at empleyado ng SMPC!

Sa pagpasok ng unang kwarter ng 2025, patuloy na inihahatid ng SMPC ang mga pinaigting na programa at proyekto para sa ikauunlad ng ating host communities. Ilan sa matagumpay nating proyekto ay ang pagpapalawak ng serbisyo na umabot sa isla ng Sibay, kung saan nagbigay tayo ng fiberglass boats na malaking tulong sa hanapbuhay ng ating beneficiaries doon.

Nagsagawa rin tayo ng libreng HIV screening, free check-up, at physical exams sa mga miyembro ng komunidad. Bukod sa nakakatulong sa kalusugan ang programang ito, nagbibigay rin ito ng pagkakataon upang mapabuti ang kalidad ng kanilang buhay. Mababasa ninyo sa edisyon ng Conveyor na ito ang iba pang proyekto ng kumpanya na patuloy na magpapaunlad ng buhay ng komunidad.

Ang SMPC ay taos-pusong nagpapasalamat sa inyong patuloy na suporta. Naniniwala kaming mas marami pang tagumpay ang ating makakamit basta't tayo ay magkakasama.

Muli, salamat sa inyong lahat.

CONVEYOR

Editorial Adviser: Engr. Ruben P. Lozada
Editor in Chief: Creslito D. Bangalao
Managing Editor: Januar R. Ong
Associate Editor: Elaine R. Macayan
Editorial Assistant: Myrla O. Delos Angeles
 Matt Jerome Casequin
 Laurice G. Zapanta
Layout & Design: Jan Carlo P. De La Peña

Section Editors:
 Justine P. Balbin
 Ben S. Lawangon
 Catherine G. Lim
 Romeo B. Malixi
 Annaliza F. Patingan
 Almar G. Valdemar
 Joie E. Ebon

Writing and Photo Contributors:
 Allanibeth G. Vargas
 Lorbec Anne S. Navallasca
 Antonette T. Lozano



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF ENERGY



MGA NILALAMAN

02

Mensahe

06

Suporta ng SMPC sa PriSAA athletes

Unang bahagi ng Q1 medical mission, matagumpay

Medical supplies at iba pa, tinanggap ng Brgy. Semirara

10

SMPC retirees, binigyang pugay

03

Para sa kalikasan: "Love for the Environment: Green Initiatives"

07

Emergency trainings, isinagawa

SMPC, nagsagawa ng HIV screening

ASPFAL, tumanggap ng vegetable seeds

11

Honoring Her: Paggunita sa buwan ng kababaihan

04

MMT Lakbay Aral 2025

MOA para sa DWSSII-TEP, nilagdaan na

Construction materials para sa Semirara Elementary School

08

Bankang pangisda, ipinamigay sa isla ng Sibay

Tents, ibinigay sa Alegria BLGU

BPC Bunlao, tumanggap ng gitara pang-misa

12

Sustainability Puzzle

05

DWSSII-TEP Symposium, isinagawa

DWCSJ, tumanggap ng desktop computers

DWSSII, lumahok sa 12th National Geology Congress

09

SMPC, BDO Network Bank nagsagawa ng Financial Literacy seminar

SMPC, nakiisa sa pista ng Alegria

Pintura at semento, binigay ng SMPC sa 3 sektor



KAPALIGIRAN

Para sa kalikasan: "Love for the Environment: Green Initiatives"



200
molave seedlings
ang itanim

Bilang bahagi ng adbokasiya ng SMPC sa pangangalaga ng kalikasan, isinagawa ng kumpanya ang isang makabuluhang aktibidad pang-kalikasan na may temang "Love for the Environment: Green Initiatives" noong Pebrero 28, 2025.

Isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng kaganapan ay ang Tree Planting activity na isinagawa sa Purok Sigayan, Sitio Balibago. Nagbahagi rin si Justine Balbin, Environment, Sustainability, at Governance (ESG) Manager, tungkol sa mga inisyatibo ng SMPC kaugnay sa pangangalaga ng kalikasan.

Nagkaroon din ng mga nakakaaliw na aktibidad tulad ng T-shirt Design Contest, kung saan si Junelyn Dalumpines mula sa HRD ang nagwagi. Nanalo naman sa 5S TikTok

Challenge ang ESG, habang ang TMD naman ay nagkamit ng tagumpay sa Recycling and Waste Management Contest.

Sa pagtatapos ng event ay nag-iwan ang mga kalahok ng kanilang mga handprint sa Love for the Environment Pledge Wall bilang tanda ng kanilang pangako sa pangangalaga ng kalikasan.





MMT Lakbay Aral 2025

Ang mga miyembro ng Multipartite Monitoring Team (MMT) ng kumpanya, kasama ang ilang empleyado nito ay nagtungo sa Philex mine site sa Padcal, Tuba, Benguet noong Enero 23, 2025 bilang bahagi ng kanilang Lakbay Aral.



Ang MMT members ay lumibot sa planta ng Philex upang makita ang kanilang operasyon ng pagmimina at matuto sa iba't ibang mahuhusay na kasanayan. Nabigyan din sila ng pagkakataong makipag talakayan sa mga empleyado ng kumpanya. Nagpasalamat naman ang MMT members, maging ang SMPC sa makabuluhang karanasan na ito.

MOA para sa DWSSII-TEP, nilagdaan na

Sa pagpapalawig ng oportunidad upang makapag-aral ang mga lokal na residente ng isla, inilunsad ng Divine Word School of Semirara Island Inc. (DWSSII), sa pakikipagtulungan ng Divine Word College of San Jose (DWCSJ), ang Tertiary Education Program ngayong akademikong taong 2024-2025.

Noong Pebrero 12, 2025, opisyal ng nilagdaan ang Memorandum of Agreement para sa DWSSII - Tertiary Education Program, simbolo ng pagtutulungan ng SMPC, DWSSII, DWCSJ, at 3 Barangay sa isla ng Semirara. Lumagda sina Ma. Cristina C. Gotianun, President, COO, and CSO ng SMPC, Fr. Felino B. Javines Jr., President ng DWCSJ, Fr. Lawrence G. Llona, Director ng DWSSII, Hon. Joie E. Ebon, Punong Barangay ng Brgy. Alegria, Hon. Catherine G. Lim, Punong Barangay ng Brgy. Semirara, at Hon. Romeo B. Malixi, Punong Barangay ng Brgy. Tinogboc bilang tanda ng pagsuporta sa kolaborasyong ito.

134 naman ang paunang bilang ng nag-enrol sa TEP nang magsimula sila ng pasukan noong Oktubre, sa ilalim ng mga programang Bachelor of Science in Elementary Education (BEEd); Bachelor of Science in Secondary Education (BSEd); Bachelor of Science in Accountancy (BSA); Bachelor of Science in Information Technology (BSIT); Uniting; at Bridging.



Construction materials para sa Semirara Elementary School

Tinanggap ng Semirara Elementary School (SES) ang iba't ibang construction materials mula sa SMPC noong Pebrero 4, 2025.

Ang mga materyales tulad ng mga plywood, steel bars, mga sako ng semento, hollow blocks, at marami pang iba, ay gagamitin upang itayo ang hand washing area at pathway sa paaralan. Bukod dito, nagbigay rin ng tulong pinansyal ang SMPC upang patuloy ang paggawa sa nasabing pasilidad.

Tinanggap ni Mr. Benjie Alejo, Principal II, at mga miyembro ng faculty ng SES ang mga materyales, at nagpasalamat sa inisiyatibong ito ng kumpanya.





DWSSII-TEP Symposium, isinagawa



65

mag-aaral at faculty

Nakiisa ang SMPC sa isinagawang Symposium ng Divine Word School of Semirara Island Inc. Tertiary Education Program (DWSSII-TEP) noong Pebrero 12, 2025 na may temang "SMPC101: Environmental Awareness and Education". Ang symposium ay may layuning pataasin ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa kalikasan at ibahagi ang mga kasalukuyang proyekto ng SMPC.

Nagsilbing tagapagsalita sina Environmental Supervisor Jane Faye D. Tubongbanua, Environmental Engineer Aldan Rae I. Tubo, at ESG Manager Justine P. Balbin. Tinalakay din ni Januar Ong, Community Relations Head, ang mga katanungan ng mga mag-aaral na may kinalaman sa mga alalahanin ng komunidad, partikular na sa sektor ng edukasyon.



DWCSJ, tumanggap ng desktop computers



50

desktop computers

Nagtungo ang SMPC sa San Jose Occidental Mindoro upang opisyal na ibigay ang mga desktop computer sa Divine Word College of San Jose (DWCSJ) noong Pebrero 3, 2025.

Ang mga computer set ay gagamitin ng mga mag-aaral sa kanilang computer room na maglilininang ng kanilang kaalaman sa paggamit ng computer. Tinanggap ni Fr. Felino Javines, President ng DWCSJ ang donasyon, at nagpasalamat sa mga ibinigay ng kumpanya.

Katunayan ito ng patuloy na aktibong suporta ng SMPC sa sektor ng edukasyon hindi lang sa host community nito, pati na rin sa mga kalapit komunidad nito.



DWSSII, lumahok sa 12th National Geology Congress

Nakipagsabayan ang Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) sa 12th National Geology Congress na ginanap sa University of the Philippines, Diliman, Quezon City noong Marso 7-8, 2025. Sa tulong ng SMPC, sumali ang 10 mag-aaral at 2 guro ng DWSSII sa "Tuklas" at "Tahak" program ng nasabing congress.

Ang "Tuklas" ay para sa mga mag-aaral kung saan ibinahagi ang iba't ibang mineral at rock identification pati na rin ang ilang field techniques sa mga estudyante. Layunin ng leksyon na hikayatin ang mas maraming kabataan na maging Geologist balang araw.

Ang "Tahak" program, na nilikha para sa mga guro, ay naglalayong pahasayin ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng Earth Sciences. Pinangunahan ng mga eksperto mula sa Pilipinas ang mga diskusyon ukol sa mahahalagang konsepto nito, at may layuning hikayatin ang mga guro na maghatid ng mas epektibo at makabuluhang talakayan sa kanilang klase.



Suporta ng SMPC sa PriSAA athletes



157
athletes, coaches
at staff

Sinuportahan ng SMPC ang mga atletang estudyante mula sa Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) na lumahok sa Private Schools Athletic Association (PriSAA) sports event noong Pebrero 15-22, 2025.

Sa pamamagitan ng MV Ma. Cristina, inihatid ang mga student-athletes, coaches, at team staff na magbibigay daan upang masigurado ang kanilang aktibong partisipasyon sa nasabing aktibidad.

Nagpasalamat ang mga estudyante at faculty ng DWSSII sa SMPC at DMC-CERI, tagapamahala ng MV Ma. Cristina sa kanilang suporta.



KALIGTASAN AT KALUSUGAN

Unang bahagi ng Q1 medical mission, matagumpay



83
estudyante

Isinagawa ang unang medical mission ng SMPC para sa taong 2025 noong Pebrero 10-20, kung saan nabigyan ng tulong medikal ang mga mag-aaral ng Semirara National High School (SNHS). Sila ay nakatanggap ng libreng check-up at physical exams bilang paghahanda para sa kanilang Work Immersion.

Ang medical mission ay ginanap sa SMPC Infirmary, sa tulong ng mga doctor, nurses, at staff. Ang programang ito ay isang mahalagang hakbang upang matiyak na ang mga mag-aaral ay may sapat na kalusugan at nutrisyon bago ang kanilang work immersion o internship.

Nagpasalamat naman ang mga estudyante, maging ang SNHS sa tulong na ito ng SMPC at SMPC Infirmary.



Medical supplies at iba pa, tinanggap ng Brgy. Semirara

Matagumpay na naibigay sa Brgy. Semirara Health Center ang iba't ibang medical supplies at kagamitan mula sa SMPC noong Pebrero 22, 2025.

Kabilang sa mga naibigay ang infant weighing scales, stethoscopes, thermal scanners, nebulizer machines, rubber bed mattress, at marami pang iba. Ang mga gamit ay tinanggap nina Hon. Katherine "Kikai" Lim, punong barangay ng Brgy. Semirara, at mga miyembro ng BHC.

"I would like to thank SMPC, syempre binigyan po nila ng priority 'yung public health, specially sa Barangay Semirara, which is sobrang daming population po ang kini-cater namin", ayon kay Genesis Ysug, Public Health Administrator ng Brgy. Semirara.





Emergency trainings, isinagawa

Nagsagawa ang Emergency Response Team (ERT) ng iba't ibang emergency training bilang pagpapaigting ng kasanayan at kaalaman ng mga empleyado at komunidad sa pagtugon sa mga emergency.

GINANAP NOONG PEBRERO 15, 2025 ANG EMERGENCY MEDICAL RESPONSE SA SMPC FOOD COURT NA NILAHUKAN NG 39 EMPLEYADO MULA SA IBA'T IBANG DEPARTAMENTO. DITO ITINURO ANG TAMANG PAGRESPONDE SA MGA VEHICULAR ROAD ACCIDENTS, TAMANG INCIDENT COMMAND SYSTEM, MAINGAT NA PAG-ALIS NG PASYENTE O PATIENT EXTRACTION; AT TAMANG PAG-HANDLE SA MGA PASYENTE SA MGA SEARCH AND RESCUE OPERATION.



Noong Marso 13, 2025 naman, isinagawa ang Search and Rescue Course (SAR) na nakatuon sa minahan, kung saan itinuro ang Land Navigation Methods, Search and Rescue sa minahan, at tamang Compass Reading, na nilahukan naman ng 30 empleyado.

Sa Divine World School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) naman idinaos ang Basic Life Support (BLS) noong Marso 19, 2025. Dito itinuro sa 73 na mga mag-aaral at faculty ang Fire Safety, Awareness at Preparedness, at Community First Aid response.



SMPC, nagsagawa ng HIV screening

 **325**
indibidwal

Nagsagawa ang SMPC ng libreng HIV screening noong Marso 6, 2025 bilang bahagi pa rin ng Quarter 1 Medical Mission ng kumpanya.

Ang screening ay isinagawa sa SMPC Gymnasium na nilahukan ng mga residente mula sa Barangay Tinogboc, Alegria, at Semirara. Bago simulan ang testing, isang mahalagang awareness discussion ang pinangunahan ng Provincial Health Office (PHO) upang matiyak na nauunawaan ng mga kalahok

ang kahalagahan ng HIV screening, prevention, at early detection ng virus.

Pinangunahan din ng PHO ang proseso ng screening at testing upang masigurado ang maayos at mabilis na pagdaloy ng mga aktibidad para sa lahat ng mga kalahok. Bukod dito, nagtungo rin sila sa Narra Complex para naman sa testing ng mga empleyado.

Ang HIV awareness at screening ay mahalagang hakbang sa pagpapalaganap ng kalusugan sa bawat komunidad. Ang maagang pagtuklas ay makakatulong upang mabawasan ang pagkalat ng virus at mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga apektado, higit sa lahat ay maiwasan ang diskriminasyon o stigma sa naturang sakit.



ASPFAL, tumanggap ng vegetable seeds

Nagbigay ang SMPC sa Alegria Seaweed Planters and Farmers Association Inc. (ASPFAL) ng mga buto ng gulay noong Marso 5, 2025. Ito ay bilang suporta sa pagpapalakas ng kabuhayan ng mga magsasaka at pagpapabuti ng seguridad sa pagkain sa pamamagitan ng pagtaas ng lokal na produksyon ng mga gulay.

Ang mga naibigay ay mga buto ng halaman tulad ng hybrid watermelon, sitaw, kamatis, talong, okra, at upo. Sa mga pananim na ito, makikinabang ang 270 miyembro ng asosasyon na magpapalawak sa kanilang mga pinagkakakitaan.

**KABUHAYAN**



Bankang pangisda, ipinamigay sa isla ng Sibay



Matagumpay ang kauna-unahang turnover ng livelihood project ng SMPC sa isla ng Sibay sa Caluya noong Enero 26, 2025, kung saan nakatanggap ang tig-limang benepisyaryo mula sa mga barangay ng Sibay, Bonbon, Harigue, Bacong, at Dionela ng bangkang pangisda.

Kasama rin sa pinamigay ang solar-powered lighting kit at 7.5 horsepower na makina. Ang mga donasyon na ito ay malaking tulong sa kanilang pang araw-araw na pangisda.

Nagpaabot ng pasasalamat ang mga benepisyaryo, maging ang mga kinatawan ng bawat barangay sa tulong na ito ng kumpanya.



KOMUNIDAD



Tents, ibinigay sa Alegria BLGU




Matagumpay na ipinagkaloob ng SMPC ang limang canopy tents sa Barangay Alegria noong Enero 17, 2025 na magagamit sa iba't ibang aktibidad ng kanilang barangay.

Ang tents ay magsisilbi ring silong ng mga barangay tanod sa pagbabantay nila sa barangay.

Tinanggap ang mga ito nina Kag. Efren Ebon, Kag. Daizyl Joy Clarito, Kag. Cleofe Bacani, Kag. Loygie Mesullo, kasama ang tatlong barangay tanod.




BPC Bunlao, tumanggap ng gitara pang-misa



Ibinahagi ng SMPC ang isang acoustic guitar sa Board Parish Council (BPC) ng San Isidro Labrador, Bunlao Church sa Brgy. Alegria noong Marso 31, 2025.

Kasama sa ibinigay ang extra set ng strings at mga pick na gagamitin ng choir ng simbahan sa kanilang mga serbisyo tuwing misa. Ang donasyon na ito ay isang patunay ng malasakit at pagtangkilik ng SMPC sa paglago ng pananampalataya sa host community nito.

SMPC, BDO Network Bank nagsagawa ng Financial Literacy seminar



Sa kolaborasyon ng SMPC at BDO Network Bank Antique-Semirara Branch, isang matagumpay na Financial Literacy Seminar ang isinagawa noong Pebrero 20, 21 at 25 upang mapalawak ang kaalaman ng mga kalahok sa mga pangunahing konsepto ng pamamahala ng pera.

Ang tatlong araw na seminar ay pinangunahan ni Joseph F. Sioco, Branch Manager ng BDO Network Bank. Layunin ng seminar na tulungan ang mga residente ng Semirara na mapabuti ang kanilang kasanayan sa financial planning at magkaroon ng mas malalim na pang-unawa sa mga aspeto ng budgeting, pagiipon, pamumuhunan, at konsepto ng utang.

Tinalakay din sa seminar ang mga smart financial habit na magsisilbing gabay sa responsableng pag gastos at pagtitipid upang matamo ang pinansyal na katatagan.



SMPC, nakiisa sa pista ng Alegria


Nakiisa ang SMPC sa taunang Biray Festival sa Brgy. Alegria, Caluya noong Enero 13, 2025 kung saan iba't ibang masisiglang aktibidad at patimpalak ang isinagawa para sa komunidad.

Bilang bahagi ng selebrasyon ay nagkaroon din ng Miss Teen Alegria Pageant noong Enero 15 kung saan ang kumpanya ang naging major sponsor at nagbigay ng papremyo para sa mga nagwagi. Nagpasalamat naman ang mga miyembro ng BLGU Alegria sa tulong at pakikisaya ng kumpanya sa pistang ito ng Barangay.

Ang pakikibahagi ng SMPC ay simbolo ng pagpapatibay ng koneksyon nito sa komunidad ng Brgy. Alegria.



Pintura at semento, binigay ng SMPC sa 3 sektor



Namigay ang SMPC ng sako sakong semento at mga pintura sa tatlong sektor noong Marso 20, 2025. Ipinagkaloob ang 15 sako ng semento sa Philippine Coast Guard (PCG) Semirara Sub-station upang gamitin sa pagpapagawa ng kanilang palikuran. Ang mga materyales ay personal na tinanggap ni PO3 Robeal C. Malutao at iba pang kasamahan sa PCG na magsisilbing tulong sa pagpapabuti ng kanilang pasilidad.

Bukod pa rito, matagumpay ding nai-turnover sa Higher Ground Church ang 10 sako ng semento at 5 timba ng pintura na gagamitin sa patuloy nilang konstruksyon ng simbahan. Habang ang Barangay Alegria naman ay

nakatanggap ng 50 sako ng semento na tinanggap ni Hon. Joie Ebon, punong barangay ng Alegria, upang magamit sa kanilang proyekto sa pagtatayo ng water tank at pagkukumpuni ng nasirang kalsada sa kanilang nasasakupan.



SMPC retirees, binigyang pugay

Hinandugan ng pasasalamat ang mga magreretirong kawani ng SMPC noong Marso 29, 2025 sa Messhall 1, bilang pagbibigay pugay sa kanilang dedikasyon sa kumpanya.

Isinagawa ang tribute na may temang “Honoring Legacies, Embracing New Beginnings”, sa mga empleyado na magreretiro ngayong taon. Kabilang sa kanila ay sina Jerry Celo, Department Head ng Electrical Dept.; Daisy Potayre, Head ng Analytical Laboratory; Brian Esber, Mining Consultant; Aparicio Orozco, Jr., General Foreman ng MTSO; at mga Foreman ng Geology at Mobile Maintenance Departments na sina Javier Bato-on, Crisanto Lozada, Joevic Quinit, at Edgardo Ranido.

Nagpaabot din ng maikling mensahe ang mga naging katrabaho nila sa loob ng mahabang panahon at nagbigay ng token of appericiation para sa hindi mapapantayang serbisyo nila sa kumpanya. Sa Abril naman pararangalan ang mga magre-retirong nasa Rank & File at Proftech na lebel.





Bilang pagpapatuloy sa taunang pagdiriwang ng SMPC sa Women's Month tuwing Marso, nagsagawa ng iba't ibang aktibidad ang kumpanya ngayong taon na may temang: Honoring Her: A Woman's Month Celebration".

Nariyan ang "Pamper Her" na ginanap sa SMPC Food Court noong Marso 28, 2025, kung saan nagbigay ng libreng gupit, pedicure, at manicure sa 95 na kababaihan. Nagtagisan naman ang mga iba't ibang departamento sa galing sa pagma-make up para sa

Make-up Challenge noong Marso 31, 2025. Naglaro rin ng Role Reversal Challenge kung saan ang mga lalaki ang gumanap na mga babae para sa iba't ibang gawain. Sa "Fitness for her" naman nagsayawan at natuto ang mga lumahok sa zumba at Reproductive Health Talk.

Pinarangalan din sa araw na iyon ang mga nanalo sa Shirt Design Challenge at paggawa ng Tribute Video para sa mga kababaihan.



2024 Annual and Sustainability Report

To download a copy, scan the QR code with your smart phone or visit the link below



bit.ly/2024SMPCASR





U G O I L T U X Q A I S Y M P O S I U M
 F S B M P W M E B I T A I L O R I N G D
 T C O M P U T E R S R A M H Q Q E C P F
 R C R E Z U Z E N E R G Y I X E E O K G
 I C W R P R E V E N T I O N E D M U D G
 B R R S H O R S E P O W E R Z I R N Y O
 U Q D I D R F J S E A W E E D B Y C I O
 T R A O Z G B A L I B A G O J S X I H R
 E E F N E P V T P H G N N O G U D L L A
 D T I Y X Q K I O F K J U N I Z E I I T
 L I S V V V X E F Z B S I F I F I N T H
 M R H C V G F S V O K L U C R H G U E L
 T E E N S U A F Q U D P H H G A P T R E
 L E R B O O K K E E P I N G N R A R A T
 F S F B L S C R E E N I N G A I M I C I
 R C O F A Y I S C V H V H Y N G P T Y C
 M N L K R H U T W E V V X H Y U E I I S
 Q F K G L D I F V O T K W D I E R O Z E
 Y P S P C J Q R T J M O L A V E N N H K

FISHERFOLKS
 SEAWEED
 IMMERSION
 SCREENING
 TAILORING

PREVENTION
 SOLAR
 TERTIARY
 BALIBAGO
 BOOKKEEPING

MOLAVE
 COMPUTERS
 ATHLETICS
 SYMPOSIUM
 SEEDLINGS

NUTRITION
 HARIGUE
 HORSEPOWER
 PAMPER
 ENERGY

NURSERY
 LITERACY
 COUNCIL
 TRIBUTE
 RETIREES

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

☎ Community Response Line: 0962 641 7429

✉ Email: communityrelations@semirarampcsite.com

🌐 www.semiraramining.com

📘 facebook.com/SMPCEmpoweringOthers

🌐 linkedin.com/company/semirarampc

📺 youtube.com/semirarampc



